# “Ang mga Kaloob na Ito ay Nagmumula sa Diyos”

Basahin ang Doktrina at mga Tipan 46:13–26 at tukuyin ang iba’t ibang espirituwal na kaloob na ibinibigay ng Diyos sa Kanyang mga anak. Upang mas maunawaan kung paano makikinabang ang mga anak ng Diyos sa mga kaloob na ito, itugma ang bawat talata sa angkop na sitwasyon.

| **Mga Espirituwal na Kaloob** | |
|---|---|
| 1. Doktrina at mga Tipan 46:13 | A. Habang naglilingkod bilang president ng kanyang Young Women class, natukoy ni Michelle ang iba’t ibang lakas ng mga miyembro ng kanyang klase. Ang pagtukoy na ito ay nakatulong sa kanya na gumawa ng mga assignment na nagbigay-daan sa mga miyembro ng kanyang klase na mag-ambag at maglingkod sa makabuluhang mga paraan. |
| 2. Doktrina at mga Tipan 46:14 | B. Habang nakikinig si Samantha sa mga patotoo ng iba, hindi siya sigurado na makakasama siya sa kanila sa pagsasabi na alam niyang totoo ang Simbahan. Ngunit ang pakikinig sa kanilang mga patotoo ay nagpaibayo ng kanyang paniniwala sa Tagapagligtas. Ang paniniwalang ito ay nagbibigay-inspirasyon sa kanya na patuloy na mamuhay nang tapat. |
| 3. Doktrina at mga Tipan 46:15 | C. Inanyayahan si Lucy sa isang party. Bagama’t walang nagbigay sa kanya ng mga detalye, hindi siya mapalagay tungkol sa pagdalo. Magalang niyang tinanggihan ang paanyaya, at bagama’t mahirap, pakiramdam niya ay tama ang ginawa niya. |
| 4. Doktrina at mga Tipan 46:16 | D. Tinulungan ng Panginoon ang maraming propeta na magpropesiya ng mga mangyayari sa hinaharap, kabilang ang ministeryo ni Jesucristo (tingnan sa Isaias 7:14; 1 Nephi 11:27–28; Mosias 3:5–10). |
| 5. Doktrina at mga Tipan 46:17–18 | E. Habang si Robert ay nagsisikap na ipamuhay ang ebanghelyo, palaging manalangin, at pag-aralan ang mga banal na kasulatan, nalaman niya na si Jesucristo ang kanyang Tagapagligtas. |
| 6. Doktrina at mga Tipan 46:19–20 | F. Ang gawaing misyonero ay naging mahirap para kina Elder Vasquez at Elder Cox. Gayunpaman, determinado silang maglingkod nang may pananampalataya kay Jesucristo. Sa paglipas ng panahon, nakita nilang napapalambot ang mga puso at nagkakaroon ng mga himala sa buhay ng mga taong tinuturuan nila. |
| 7. Doktrina at mga Tipan 46:21 | G. Kapag may sakit si Mark, alam niya na maaari siyang humingi sa kanyang ama ng basbas ng priesthood. Sa maraming pagkakataon, ang mga basbas na ito ay nagdulot sa kanya ng dagdag na kapayapaan at lakas. |
| 8. Doktrina at mga Tipan 46:22 | H. Isang post sa social media ang naging dahilan para pagdudahan ng isa sa mga kaibigan ni Alice ang kanyang pananampalataya. Nang ibahagi niya ang post kay Alice, natukoy niya na ang impormasyon ay hindi tungkol sa Diyos. |
| 9. Doktrina at mga Tipan 46:23 | I. Hiniling kay Judie na magturo sa kanyang Young Women class. Nang humingi siya ng tulong sa Ama sa Langit, nadama niya na ginabayan siya sa kanyang paghahanda at nakapagturo siya ng isang nakapagpapatibay na lesson. |
| 10. Doktrina at mga Tipan 46:24–25 | J. Si Sister Erickson ay tinawag na magmisyon sa ibang bansa. Nang humingi siya ng tulong sa Diyos at nagsikap na matutuhan ang wika, nalaman niya na nauunawaan niya ang iba at naibabahagi niya ang kanyang patotoo nang mabisa. |

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2024 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_192-1